

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

Project Description

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
1	Socorro Llamas, Inquirer Writer, President of a school	<p>(1) Ang aking property ay may laki na 1.4 has. at napresyohan lang ng Php2 milyon. Masyado itong mababa dahil nagbayad ako ng buwis sa loob ng 40 na taon at may mga gastos tulad ng tagabantay; (2) Hindi ko maintindihan bakit pa kailangang magtayo ng dam at tapos maniningil ng mahal sa tubig. Sa Davao, wala kong binabayaran sa tubig, 10 taon na akong nakatira doon. Pwede namang magkaroon nalang ng rain collector ang kabahayan gaya ng teknolohiya ni Dr. Dar of Inquirer; (3) Dapat ilagay sa website ang detalye nito. Baka puro pangako-pangako lang tapos hindi naman pala itutuloy. Baka matulad lang sa Tondo and Baseco relocation case, walang kabuhayan kaya babalik din sila. At bakit ang mga katutubo ay nananatiling mahirap? Dahil hindi maganda ang trabahong</p>	<p>Engr. L.C. Cleofas: (1) patuloy pa po ang ating negosasyon at pakikipag-usap, pati sa presyo ng lupa. Ang bumubili po ay MWSS, hindi po ng Manila Water o Maynilad. Kailangang mabigay lang sa amin ang katibayan ng mga binayaran. Nakikipag-ugnayan kami sa Landbank para sa pag-appraise pero hindi pa tapos; (2) Ang MWSS ay hindi kumukuha ng badyet sa gobyerno, wala po tayong pondo galing sa General Appropriations Act (GAA). Lahat ng tao kumokonsumo ng tubig at ang tubig ay nanggagaling sa bundok; kung kaya kailangan ng imprastruktura gaya ng treatment plant, para pagdating sa bahay ninyo ay hindi tayo magkakasakit. Tayo ay sumusunod sa Philippine Drinking Standards na itinalaga</p>	<p>(1) My property has a total area of 1.4 has. and was only appraised at Php 2 million. This price was extremely low, given the total cost of taxes paid in 40 years and the cost of monthly expenses for my caretaker; (2) I could not understand why is there a need to put up a dam and then transfer the cost to the consumers. In Davao, where I'm residing for 10 years now, I did not pay any water bill. We can just have rain collector in every house, just like the technology developed by Dr. Dar of Inquirer; (3) I want this posted in a website so that the people would know all the details. I hope it is not just full of promises, just like in Tondo and Baseco where people were relocated somewhere but without the</p>	<p>Engr. L.C. Cleofas: (1) The negotiation is still ongoing, and it is MWSS that acquires properties, not Maynilad or Manila Water. We just need to receive the proof of payment for your property so we can have a better appraisal. We are in close coordination with the Landbank of the Philippines. Everything is still ongoing; (2) MWSS does not get its funds from the Government, we do not depend on the General Appropriations Act (GAA). Everyone needs the appropriate infrastructure and water treatment facility to ensure that the water to be delivered to every household is clean and safe and adheres to the Philippine Standards for Drinking Water, as per Department of Health; and, (3)</p>

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
		ibinigay sa kanila. Ang tinuturong pagbuburda sa kanila, yayaman ba sila doon?	ng DOH; (3) Makakaasa kayo na ito ay ilalagay sa website	sufficient and proper livelihood or source of living, they just went back to their old homes. And why do the indigenous people really remain poor? Because we don't give thm good jobs, we just teach them to do embroidery. They will not get rich with that.	I can assure you that we will post this in our website.
2	Atty. Ang	Sino po ang nag-aacquire sa land?	Socorro Llamas: Maynilad, Manila Water or MWSS, Hindi ko alam...	Who acquires your property?	Socorro Llamas: Maynilad, Manila Water or MWSS, I don't know...; Engr. C.L. Cleofas: MWSS acquires the property, not Manila Water of Maynilad (this was answered by MWSS together with Issue No. 1)
3	Edson Lee of Teresa Rizal	Hindi nakita in details kanina iyong area na daraanan ng 27.7 km. Hindi ba mas maganda na makita rito iyong pagdaraan para malaman kung sino maapektuhan ang property o hindi.	Engr. L.C. Cleofas: (ipinakita ang mapa) Ang tunnel boring machine as gagawa sa ilalim ng Sierra Madre. Ang maapektuhan ay iyong dam site at lalabasan sa Teresa. Mayroon tayong batas na kapag ang ay nasa 50m, hindi po tayo bibili ng lupa. Sa daraanan ng tunnel, ang pinaka-malalim ay	The details on the alignment of the tunnel, with a length of 27.7 km, were not clear in the presentation. It would be best to show this information so that the owners of the properties are well-informed.	Engr. L.C. Cleofas: The tunnel boring machines will work under the Sierra Madre. Some will be affected at the inlet and outlet portion in Infanta and Teresa, respectively. Areas with less than 50 meters will need to acquire property. That is why

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE
Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			700 meters, ang pinaka-mababaw ay 70 meters. Kaya po sa Teresa ay bumibili tayo ng lupa para sa maaapektuhan ng tunnel.		in Teresa, we have to acquire some properties.
9	Jaime B. Vista, Councilor of Tanay, Rizal	Iyong Tinipak, ano ang assurance na hindi ito aabutin? May nag-present lang sa Tanay, ay tungkol sa Low Dam. Itong Kaliwa Dam ay High Dam, bakit po nagkaroon ng pagbabago?	<p>Engr. L.C. Cleofas: Ang ginagawa ng MWSS ay pangmatagalan para makasagot sa demand ng kakulangan ng tubig natin. Iyan po ay nababatay din sa irigasyon. Ang ginagawa po natin ay Sustainable Water Supply. Kapag ginawa natin ang 7m na sinasabi, kapag walang tubig, wala ring tubig iyon. Kapag maraming tubig, mag overflow din iyon.</p> <p>Nagbigay ang Congress ng Resolution para makabalangkas tayo ng Master Plan para makatugon sa kakulangan ng tubig. Inuutusan tayo ng Kongreso ngayon para magkaroon tayo ng pangmatagalang pinagkukunan ng tubig sa loob ng 50 taon.</p> <p>Kaya gumagawa tayo ng istruktura na magtatagal kahit lampas ng 50 taon. Kakayanin</p>	What was presented to us in Tinipak was a Low Dam proposal. But now you are presenting a High Dam. Why did it change all of a sudden?	<p>Engr. L.C. Cleofas: MWSS aims to have a sustainable solution for the water shortage. If we push through with the 7m dam, it will be useless as it will be easily filled with water when there is oversupply of water.</p> <p>However, the low dam will not be able to store enough water when there is none. The Congress issued a resolution to mandate MWSS in developing the Master Plan for a sustainable water supply in a span of 50 years. Kaliwa Dam's design can withstand a 7.2 magnitude earthquake.</p> <p>The project has also undergone a public bidding project based on R.A. 9184.</p>

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			ng Kaliwa Dam ang 7.2 na lakas ng lindol, gaya ng Angat Dam. Isa pa po, ang Kaliwa Dam ay dumaan sa bidding, in accordance with R.A. 9184.		
10	Atty. J.E. Ang	(Paglilinaw) Assurance ng Tinipak Site?	Engr. C.L Cleofas: May consultants tayo dito. Lahat ay isasangguni naman sa LGU before approving the detailed design.	(Clarification) What is the assurance for Tinipak Site?	Celofas: We have consultants on this. We will approve based on the detailed design.
11	Adorable A. Sunga of Tanay LGU	Ayon sa Google Earth, ang taas ng tubig sa Tinipak ay 133 meters. Ang taas ng dam ay 60m. Kung i-add ito, magiging 193m 160m + 33 m =193 m. Hindi ba masyadong mataas ito?	Engr. N.M. Ortigas: Ang nakikita sa Google Earth ay hanggang sa ibabaw lang ng tubig dahil hindi nakakapenetrare ang sensing camera nila sa mas detalye ng ilog. May paghuhukay pa na gagawin sa ilalim ng 60m, kaya ang pinakamalalim ay 160m. Ang mga inhinyero natin ang mismong nagsukat sa Tinipak kaya mas tukoy nila ang detalye ng lalim dito gamit ang GPS (Global Position System). Ang pinakamalalim na bahagi ng Dam ay may lalim na 160m, kaya kung mapuno ng tubig ang dam, aautin ang marka na	According to Google Earth the water level in Daraitan is 30 m. The water level in the dam is 160m. So if we add 160m and 30m, that is 190m and is way above the elevation of Daraitan. Are we still safe in Daraitan?	Engr. N.M. Ortigas: What we see in Google Earth is only up to the edge of the water due to the inability of its sensing camera to penetrate into the river and really determine its details. We still need to dig beyond 60m until we reach a depth of 160m. Our engineers have personally measured the area using GPS. The deepest portion of the dam measures 160m, that is why if it would be filled with water, it will reach the mark at 160m. This assures us that Daraitan is safe. If we would not change or touch anything in Daraitan,

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			160m. Kaya hindi talaga lulubog ang Daraitan. Kung wala namang gagalawin sa Daraitan, kapag natapos na ang dam, ang nakikitang problema ay sanitasyon ng mga kabahayang nakapalibot sa ilog. Mayroon ding plano nag magpapagawa ng tulay sa Daraitan. Hindi lang tulay, kung hindi may sanitasyon din.		the poor sanitation and sewerage practices pose great risks in the water quality of the river. There is also a commitment that a bridge will be constructed for the Daraitan community. It is not only building a bridge, but also proper sanitation.
20	Jose Manlangit of Teresa, Rizal	Kapag dumating na sa kritikal na level ang dam, magpapakawala na ng tubig. Ano barangay ang babahain? At pangalawa, iyon pong irigasyon? Hanggang saan ba ito makakarating para mapakinabangan ng mga magsasaka?	Engr. N.M. Ortigas: Ang dam natin ay sa Infanta. Kapag bumaha po, ang baha ay hindi pupunta sa mga tubong daluyan ng tubig. Wala pong problema sa Teresa. Kapag kritikal, pupunta na sa spillway. Doon na direktso sa Agos River at isasara ang Intake. Ang mga magsasaka na gumagamit ng tubig mula sa Kaliwa ay sa bandang Real, Quezon. Mayroon na pong existing at ongoing na irrigation system. Ang kukunin lang po sa Kaliwa ay wala pa pong 30% ng tubig sa	When the dam reaches its critical level, it will release water. Which barangays will get flooded? Secondly, what are the covered areas of the irrigation system so that our farmers can benefit from it?	Engr. N.M. Ortigas: The dam is in Infanta. If there is flood, this does not goes into the tunnel where water flows from Kaliwa Dam. Teresa will not encounter any problems regarding this situation because the excess water from the dam will be released to its spillway, then to Agos River and then to the Pacific Ocean. The Intake will be closed when this happens. Farmers who are based in Real, Quezon, may utilize the water from Kaliwa. The dam will only utilize 30% of the

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE
Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			Ilog Kaliwa para sa Metro Manila.		water from the river for Metro Manila's consumption.
21	Eddie C. Santos of Teresa LGU	Paglilinaw lang na ang maximum level ng dam ay 160m. Sa Google Earth daw po ang Daraitan ay may 130 m na elevation lang. Ibig sabihin mas malaki ng 30m ang dam kaysa sa Daraitan? Nabanggit ninyo na ang Teresa ay may mataas na elevation, anong elevation ng Teresa kumpara sa Kaliwa Dam.	Engr. Ortigas: Ang ipinapakita ng Google Earth ay taas ng tubig mula sa larawan ng satellite nito kaya 130m. Pero hanggang sa ibabaw lang ito ng tubig. Ang 162.5m ay sinukat ito at may global positioning na ginamit. Mas malalim pa ho ang river bend. 160m ang naging bench mark. Hindi namin inaalís ang pangamba ang pagbaha, sigurado kami na hindi aabutin ang mga kabahayan kapag tumaas ang tubig. Pero between the dam and Teresa, 27 divided by 1000, iyon ang pinaka elevation ng Teresa. Kailangan ang level sa Teresa para madala sa Teresa treatment plant at para magamit sa ibang lugar at hindi na kailanganin pa na bombahin ang tubig para makarating sa ibang lugar.	Clarification on the maximum level of the dam at 160m. Based on Google Earth, Daraitan has only an elevation of 130m. Does this mean that the dam is 30m higher than Daraitan? It was mentioned that Teresa has a high elevation that's why it was selected. What is the elevation of Teresa compared with Kaliwa Dam?	Engr. Ortigas: The measurement of Google Earth of 130m is only up to the surface water. The 162.5m measurement of our engineers is based on the Global Positioning System (GPS). The benchmark is 160m. We do not discount the risks of having flood in the area, but the water from the dam will not reach the households. As for the elevation in Teresa, it is 27 divided by 1000 (.027) - that's the elevation. We need the level in Teresa to efficiently deliver the water from the dam to the treatment plant and then to other areas.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
22	Leila C. Reynes of Teresa LGU	Iyong po bang treatment plant, may reservoir po ba? Paano madistribute sa household? Gagawa p po ba ng tunnel?	Engr. N.M. Ortigas: May tinatawag na clear water reservoir, kasi 24 hours ang treatment diyan. Kapag na-treat na iyan, ilalagay sa reservoir, tsaka pa dadalhin sa service water ng Maynilad, Manila Water or water districts. Mayroon pang tubo para madala ang tubig na ito.	Does the treatment plant has a reservoir? Does it need a tunnel to distribute (the water) to the households?	Engr. N.M. Ortigas: There will be clear water reservoir which will undergo a 24-hour treatment. After the treatment process, the water will be released to Maynilad, Manila Water or the existing water districts. There will be laying of pipes for this process.
23	Crescenciano B. Minas Jr., MWSS	Sino ang monitoring team para sa proyekto at kailan ma-isyu ang ECC?	Atty. J.E. Ang: Hindi pa naman po matatapos ngayon ang proseso. May timetable ang project na ito. Kailangan pang tingnan ang ECC at makita din kung makacomply ang MWSS sa mga kondisyon na nakasaad sa ECC.	Who are the monitoring team of the project and when will the ECC be released?	Atty. J.E. Ang: The process will not end here. The project has its timetable also. The monitoring team will be determined in the ECC. We still have to see if MWSS can comply with certain conditions.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

Land

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
	No Issues/Concerns raised during the hearing				

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

Water

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
14	Cris J. Francisco, Councilor of Teresa, Rizal	lyong benepisyong pantubig ng Teresa. Ang tubig ay kailangan ng tao, partikular dito medyo gipit at may kakulangan. Anong assurance namin na mabigyan ng 24 hours na tubig sa bayan ng Teresa.	Cleofas: Iyan po ang pinag-uusapan namin ni Mayor para magkaroon kami ng direktang koneksyon. Hindi po ganoon kadali. Mayroon pong Teresa Water District. Katulad ng pinag-usapan namin na ito pong buong probinsya ng Rizal ay nasasakupan ng MWSS area. 1997, inimbita ang private sector para sa pag-expand ng proyekto ay mapadali. Ang pinapangako sa atin ng contractor within 3 years, hopefully nandiyan ang treatment plant, mabibiyaan kayo ng tubig. Short term plan ay ilalapit namin sa Task Force para tubig. Sa ngayon, nanggagaling pa sa Angat Dam ang ating tubig. Makakaasa kayo na ang unang mabibiyayaan sa treatment plant ay ang Rizal.	Regarding the benefits in irrigation, we experience water shortage in Teresa. What is our assurance that we will have a 24-hour water supply in Teresa?	Engr. C.L. Cleofas: That was the first topic that we discussed with Mayor Palino, to have a direct connection for Teresa. But it will not be that easy since Teresa has its local district. Like in our arrangements with the rest of Rizal under MWSS. In 1997, we invited the private sector to expand our projects and make it for efficient for the public. The contractor promised that within 3 years, the treatment plant will be operating already and equipped to distribute water to you. The short term plan would be is to coordinate this with our Task Force for assistance in ensuring that you will enjoy sufficient water supply, unlike now, the water from our faucet comes from Angat. We assure you that Rizal will be the first to benefit from the treatment plant.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
15	Jaime B. Vista, Councilor of Tanay, Rizal	Ano po ang programang aasahan ng ating mamamayan, kung sila po ay nakumbinsi na, lahat ito ay mataas na presyo ng tubig. O libre po ba ang tubig? Mayroon bang magiging kasunduan sa bawat bayan na daraanan nito?	Cleofas: Mayroong apat (4) na water district sa Rizal. Ang ginawa po namin sa Bulacan nakipag-usap kami sa mga water districts at naibaba ang sa presyo. P8.50 per cubic meter. Kapag nagawa ang Kaliwa Dam, inaasahan namin na P0.32 / cubic meter. Sa Aquino Administration, pinalawak ang Public Private Partnership, kung kaya marami ang gastos ang panghiram natin ng pondo. Syempre, mahalaga ang kita ng puhunan ng bawat kumpanya. Sa Duterte Administration, ang gobyerno nalang ang mangungutang ang mamumuhunan at mailatag ang pagbabayad hanggang taong 2037. - gobyero nalang ang mangutang. Inilalatag na hanggang 2037 para hindi maramdaman ang taas ng taripa.	What can the people expect from the project in case they agreed, with respect to water pricing, or are we getting free water? Will there be a sort of a written agreement with every town that will be affected by the project?	Engr. C.L. Cleofas: We have four (4) water districts in Rizal. What we did in Bulacan is we coordinated with the local water districts and the cost went down to P8.50 per cubic meter. Once we are done with Kaliwa Dam, it is expected that we can bring down the cost at P0.32 cubic per meter. During the Aquino Administration, we expanded the Public Private Partnership (PPP) where we spent so much on the funds invested by the private sector. Under the Duterte Administration, the government invested and borrowed the necessary funds. The payment scheme will be until 2037 for the gradual increase in tariffs.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

Air

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
	No Issues/Concerns raised during the hearing				

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

People

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
4	Edson Lee of Teresa Rizal	Anu-anong area ang tatamaan ng tunnel? Anu-anong barangay o munisipyo iyan?	Cleofas: Ito ay dadaan sa bayan ng Baras, Morong, Tanay at Teresa. Bibigyan namin kayo ng alignment ng Tunnel Boring Machine	Which barangays or municipalities are the most affected by the tunnel?	Cleofas: <u>The tunnel will pass through the provinces of Ito ay dadaan sa bayan ng Baras, Morong, Tanay at Teresa. Bibigyan namin kayo n</u> <u>We will give you theg</u> alignment ng Tunnel Boring Machine
5	Socorro Llamas, Inquirer Writer, President of a school	Hindi kami klaro at walang information kung saan nga ba ito itatayo; gusto ko itong mailagay sa website; Bakit ito pinili, eh matao rito?	Engr. L.C. Cleofas: Ibibigay namin ang alignment ng Tunnel Boring Machine. Makakasiguro kayo, Ilalagay namin ito sa website. Para sa inyong kaalamn, ito ay nagsimula na noong panahon ni Pang. Marcos. Naitigil lang po. Ito po ang makakatulong sa Angat, base sa pagaaral ng WB and JICA. Sa ating populasyon, 20 million, na sinusuplayan namin sa MWSS ang tubig. Iniisip namin ang seguridad ng tubig. Alinsunod din to sa Sustainable Development Goals (SDGs) na Clean Water Supply. Maraming pwedeng gawing supply ng tubig, pero mataas	It is not clear to us and no information is available on where it will be constructed; I want this published in a website; and, Why did you choose here, this is a populous area?	Engr. L.C. Cleofas: We will provide the alignment of the Tunnel Boring Machine and it will be published in our website. For your information, this project has started during the Marcos regime, but was stopped after EDSA 1. This project is envisioned to help Angat, based on the comprehensive studies conducted by Word Bank and JICA. With a population of 20 million in the areas covered by MWSS, we are looking at the water security of these areas. This is also aligned with the Sustainable Development Goals (SDG) that is to have

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			ang gagastusin para malinis ang water sources. Pero hindi sustainable. Nakalagay na ito sa libro ang Kaliwa, Kanan, Agos river basin ang makakatulong sa kakulangan ng tubig sa Metro Manila.		access to clean water supply. While it is true there are other sources of water, but the cost of treatment is so high. This is already published in books - Kaliwa, Kanan and Agos rivers can help us achieve water security.
7	Romwaldo Coralde, Barangay Captain of Bagong Bayan, Teresa, Rizal	(1) Kanina pinakita ninyo na mabibigyan ang mga tao sa Teresa habang ginagawa sa loob ng tatlong taon kapag ito ay ginagawa. Paano ang susunod na panahon o taon? Wala po ba kayong plano para sa mga kababayan sa Teresa? Kung pwede ay kunin ninyo sa Teresa ang mga empleyado. (2) 2004 lumubog ang 3 bayan ng Quezon at libo-libong tao ang namatay, dito ay 2009, kung sakaling maitayo ang treatment plant? sigurado kayo na hindi magpapakawala ng tubig? Ang ilog lang po namin ay maliit. Madaling bumaha sa lugar namin. (3) Narito sa pinakamaliit na bayan kung saan 2 Ha ng teresa,	Engr. N.M. Ortigas: (1) Una ay trabaho, sa tantya ng aming contractor ay magkakaroon ng 1,700 ng skilled and unskilled workers will be hired within the locality. Sa operation naman, mas lalo na sa Teresa nalang kukuha ng mga empleyado kaysa sa ibang karatig lugar para rin makamenos sa pangaraw-araw na gastusin; (2) Lyon sa baha, ang nabanggit ninyon pagbaha dahil sa bagyo, tatlong hagupit ng bagyo, kasama ang Milenyo. Hindi nangyayari araw-araw. Ang pagbaha dahil sa Kaliwa Project ay hindi mangyayari. Ang pag-baha ay dahil sa intensity o tindi ng	(1) It was mentioned earlier that the people in Teresa would have income-generating activities in a span of the 3-year construction of the dam. How about the following years after the construction? Don't you have a plan for the Teresa constituents? (2) In 2004, 3 municipalities in Quezon experienced flashfloods, which caused the death of thousands of people. In 2009, Teresa had experienced the same. What is our assurance that once the Water Treatment Facility was put up, water will not be released here? We only have narrow river and our place gets flooded easily? (3)	Engr. N.M. Ortigas: (1) Answer to your first question would be employment. Based on our estimates, during construction, the dam would be needing 1,700 skilled and unskilled workers. During the operations, all the more that the employees would be coming from Teresa, instead of the nearby towns to have lesser daily expenses; (2) Regarding flooding, it was not due to anydam, but was caused by the intensity of rain caused by three (3) consecutive typhoons, including Milenyo. This does not happen everyday, that is why it is called a phenomenon.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
		ay dito nyo pa napili? Dumaan na kayo ng Tanay at Baras? Paano nyo napili ang teresa? (4) Anong benepisyo ang makukuha dito?	pag-ulan, gaya ng Ondoy na ibinuhos ang ulan ng tatlong buwan sa loob ng tatlong araw. Kaya kung hindi maganda ang pag-sasaaayos ng proyekto, at kung matindi ang pag-ulan, talagang magkakabaha. Ito ay reyalidad na.; (Sagot sa paglilinaw ni Atty. Ang) - Hindi lang flood control, kung hindi flood mitigation ang kailangan para magkaroon ng sistema kung paano mababawasan ang epekto ng pagbaha. At ang proyekto ay tinatawag ding climate-resilient.	Teresa is a very small town, with an area of about 2 has. Why have you chosen our town?	Flooding caused by the project will never happen. But flooding is a normal type of hazard that can pose danger if the controllers and gatekeepers in Kaliwa Dam were all asleep. We need flood mitigating measures, more than flood control, to ensure minimization of impact from floods. The project's design is also 'climate resilient'.
8	Jaime B. Vista, Councilor of Tanay, Rizal	Ang Tinipak River na isang pook pan-turismo ay pinangangambahan na lumubog. Base sa inyong disenyo, ang Tinipak River nga ba ay lulubog? Pakilinaw din kung ang taas ng tubig sa dam na 160 metro at ang 175 metro na pinakamataasa na lugar sa Daraitan ay 'above sea level'? Dahil kung gayon at ibaba ang pader ng dam, ang tubig ay	Engr. N.M. Ortigas: Tungkol sa gagawin ng proyekto, lahat ng sagradong lugar sa Daraitan ay poproteksyonan at kung posible walang gagalawin. May mga lugar sa Tinipak, ang mataas level or elevation, kumpara sa tubig dagat o above sea level. Doon po sa Sacred Sites, totoo na may lugar na mabababa. Sinukat	Tinipak River is a tourist site. Based on your design, Tinipak River will be submerged, is this true? Please clarify, the water in the dam has a height of 160 m and the highest point in Daraitan is 175 m, are these 'above sea level'? If so, the water from the dam will overflow to Daraitan. We wanted to have a strong basis	Engr. N.M. Ortigas: About the project, all sacred sites in Daraitan will be protected and if possible, it will not be touched. There are places in Tinipak with a very high elevated compared with the sea level. As regards the sacred sites, it is true that there are low lying sites. When our engineers measured

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
		<p>aapaw sa Daraitan. Nais nating maging matibay ang batayan ara na rin sa aming kababayan. Point of clarification, ang naipresent po ninyo ay 160 m., at ang 'above sea level' na 175m sa Daraitan na naka-slant. Kapag po tumaas ang tubig, magbounce ang tubig, babalik sa Daraitn. Kung mataas ang tubig, tatawid sa Real (magoverflow). Kapag ibinaba ang pader, mangangamba ang Daraitan. Kapag itinaas, babalik ang Real. Hindi po namin hinahadlangan, gusto namin ng matibay ang batayan sa aming bayan para maipaliwanag namin ito. Kami po ang babalikan ng aming mga kababayan.</p>	<p>ng mga tao namin iyan, kasama ang mga inhinyero at may mga mababa pa sa 135 metro. Kung pabayaang na lagyan ng dam, maaaring abutin ng tubig. Ang sabi ng MWSS, gumawa kayo ng engineering intervention para magamit ang bukal. Gagawan po ng paraan na ang mga sacred sites na mahahalaga sa residente ay patuloy na magamit. 160 metro ang taas ng tubig sa dam kung punung-puno ng tubig. Magbubukas ang gate o overflow structure kapag puno ang dam. Ang Daraitan naman, may tulay na inilagay para magamit kung sakaling lumaki ang tubig. sa ngayon, tag-ulan, malaki ang tubig sa Daraitan kaya inalis ang tulay. May mga bangkero na naghahatid sa mga turista. Ibig sabihin, kahit wala po ang dam, kapag umulan bumabaha. Magkakaroon na ng lawa. Kung may dam,</p>	<p>so that we can explain this to our constituents. If the wall goes down, the water will flow to Daraitan, if it goes up, the water goes back to Real, Quezon. We are worried in Daraitan for possible widening of our river. We are not against the project, we just need to understand it well for our constituents.</p>	<p>the elevation, there are sites which are lower than 135 m. If the dam would be mismanaged, the water level will reach the sites in Daraitan. But MWSS has ordered to do all engineering interventions so that the spring in the sacred sites could be used. The maximum water level in the dam is 160m, and the dam will open its gate to let the water flow. Even in the absence of the dam, the river gets bigger; thus, the current bridge is now removed with boats ferrying the tourists back and forth. If there is a dam, the water will overflow to the spillway. It is not 160m plus 130m. The maximum water level in the dam is 160m and the wall is 60m. Hindi po 160m + 30m, ang maximum na taas ng tubig sa dam ay 160m, ang taas ng pader ay 60m. As regards the area of the Water Treatment Plant, Maynilad requires 33</p>

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			magbubukas na ang spillway. Hindi po 160m + 30m, ang maximum na taas ng tubig sa dam ay 160m, ang taas ng pader ay 60m. Ang Maynilad, kailangan nila para sa treatment plant area / footprint ay 33 has. ang Manila Water 21 has., 54 has. sa kabuuan. Ang nabanggit na 70 has. ay ang palibot ng lugar o vicinity.		has., and Manila Water requires 21 has. for a total of 54 has. The 70 has that was mentioned refers to the whole of vicinity for the plant.
12	Adorable A. Sunga of Tanay LGU	Mayroon po kaming hanging bridge na nawasak sa biglang pagbaha. Kaya may pag-aagam-agam kami sa sitwasyong ito.	Basta tumapon ang tubig, baba na iyan. Ang taas ng Agos River at Kaliwa ay hindi dapat tumaas ng 160m. At alam na ito ng MWSS kahit noong taong 2000 pa dahil matagal na itong pinag-aaralan.	We have a hanging bridge that was destroyed due to flashfloods. This is why we have apprehensions about the dam.	Once the water overflows, the water level will go down. The depth of Agos River and Kanila Dam must not exceed 160m. And MWSS is informed about this based on their studies since 2000.
13	Cherryl P. Ongjunco, Municipal Assessor of Teresa Rizal	Sa lahat ng bayan ng Rizal, kami sa Teresa ay mayroon lang kabuuang laki na 2,800 ektarya. Isang baryo lang ang laki namin kumpara sa Baras at Tanay. Nagkakaroon ng pagtingin ang	Engr. C.L. Cleofas: Ang una naming programa ay Laiban Dam. Sana nga ang water treatment ay nasa Tanay. Noong nagpasa kami sa NEDA Board, dalawang kombinasyon ito. Sa Laiban Dam, siyam na lugar sa Tanay	Of all the municipalities in Rizal, why did you choose Teresa which only has a total land area of 2,800 has.? We are just one small town compared with Baras and Tanay. Some of our constituents viewed that the	Engr. C.L. Cleofas: The first project was really Laiban DAM, with water treatment to be installed in Tanay. When we submitted a proposal at the NEDA Board, there were two options. In Laiban Dam, nine (9) areas will be submerged.

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
		mga tao na ang LGU ay may kinalaman dito.	ang malulubog. Kaya ang pinayagan ng NEDA ay ang Kaliwa Dam. Bakit sa Teresa ang treatment plant? Dahil ito ang pinaka-mataas ang lokasyon sa nasuring lugar. Kailangan pagisipan mabuti ang istruktura kung saan mapapaganda ang daloy ng tubig. Kaya ang ginawa ay binalikan namin ang Teresa.	Teresa LGU has something to do with this (project).	That is why NEDA approved Kaliwa Dam instead. Why did we place the treatment plant in Teresa? Because of the high elevation of Teresa which makes it more prudent and efficient for the water system.
17	Fernando Lopez of Teresa Rizal	Mayroon na bang plano sa mga pamilyang maapektuhan ng proyekto?	Engr. C.L. Cleofas: Doon po sa dam site, mayroon na pong napag-usapan. Pero dito sa Teresa, uumpisahan pa lang ng grupo. Magisisimula pa po. Sa ngayon mga lokal na magsasaka pa lang ang nakikita.	Is there already a plan for the families who will be affected by the project?	Engr. C.L. Cleofas: At the dam site, there is already an on-going dialogue. But in Teresa, we will soon begin our coordination with the concerned groups. Currently, we have only identified the local farmers.
19	Kap. Jhanda S.J. Sto. Domingo of Brgy. Dalig	Anong seguridad at benepisyo ang mabibigay sa mga tao ng proyekto, bago at pagkatapos ng proyekto?	Engr. N.M. Ortigas: Gagawa ng IP and Community Development plans ang MWSS. Sakop nito ang itaas at ibabang bahagi ng dam. Sa usapin ng seguridad sa pagtatrabaho, kasama ito. May gagawing pag-aayos ng	What kind of benefits and security can the people get, before and after the projects?	Engr. N.M. Ortigas: Gagawa ng Indigenous People and Community Development Plans ang MWSS. These covers both the upstream and downstream. In terms of occupational safety, this is also part of the plan. There will

MATRIX OF ISSUES RAISED AND THE PROPONENT'S/DENR RESPONSE

Teresa, Rizal

		TAGALOG		ENGLISH	
#	Person who raised the concern/s and Affiliation	Concern/s Raised	Response	Concern/s Raised	Response
			<p>lupa para maging ligtas; Engr. C.L. Cleofas: Tungkol sa pangkalahatang seguridad, nakikipag-ugnayan na kami sa mga awtoridad. At sa benepisyo, hindi lang para sa mga katutubo o IP, ngunit sa kabuuan ng komunidad. Bibigyan ng namin ang Teresa LGU, para na rin maaprubahan ng ating Konseho at ni Mayor.</p>		<p>also be landscaping to ensure safety during the construction phase; Engr. C.L. Cleofas: Regarding the overall security, we coordinated with the authorities. On the aspect of benefits, both the IPs and the Community are considered in our development plans. We will provide the Teresa LGU the copies of these plans for the approval of our Council and Mayor Palino.</p>